



United Pentecostal Church Intl Marso 2020



Bisitahin ang [Ladies Prayer International on Facebook](#) at i- "like" ang ating page!

### Sa mga kamay ng Diyos ang Panunumbalik !

Ni Jill Patterson



Gusto ng Panginoon na manumbalik tayo! Siya ay nagagalak kapag nangyari ito!

Sa I Samuel 2, mababasa natin ang pasasalamat ni Hannah sa Panginoon dahil sa wakas binigay Niya ang kanyang matagal na dalangin, ang magkaroon ng anak. Pagkatapos malutas ni Hannah ang kanyang anak na si Samuel, dinala niya ito sa simbahan na nasa Shiloh. Sinabi niya sa kanyang dasal sa Panginoon:

"Kaniyang ibinabangon ang dukha mula sa alabok, Kaniyang itinataas ang mapagkailangan mula sa dumihan, Upang sila'y paluklukung kasama ng mga prinsip, At magmana ng luklukan ng kaluwalhatian: Sapagka't ang mga haligi ng lupa ay sa Panginoon, At kaniyang ipinatong ang sanglibutan sa kanila. "(verse 8).

Binigay ni Hannah ang lahat ng papuri sa Panginoon dahil hinango Niya ang nasa hrap at ginawang parang prinsip at hari. Ang gandang promosyon.

Ang pagbangon ng Panginoon sa atin ay kompleto. Madalas, higit pa ito sa ating iniisip. At puwede din itong mas mabilis. Ito ang nangyari kina Joseph and Moses. Sa loob ng isang araw, nabago ang kanilang buhay. Mula sa maling pagbebangon at pagkakakulong ni Joseph, siya ay itinaas at binigyan ng kapangyarihan at pabor sa palasyo. Si Moses ay nagmula sa tinagong basket na gawa sa tambo sa pag-ako sa kaniya ng anak ni Pharaoh.

Ikaw, sa sarili mo, ay mayroong personal na patotoo tungkol sa panunumbalik. Hinango Niya tayo mula sa lusak at nilagay ang ating mga paa sa matibay na bato.

"Isinampa naman niya ako mula sa isang kakilakilabot na balon, mula sa balahong malagkit; at itinuntong niya ang aking mga paa sa isang malaking bato, at itinatag ang aking mga paglakad. " (Psalm 40:2),

Panahon na para manumbalik, at magsaya!

Sa kamay ng Diyos, tayo ay matatag.

Sa kamay Niya, kakayanin natin  
Sa kamay Niya, nagagamit tayo.  
Sa kamay Niya, lahat possible.  
Sa kamay Niya, mas higit pa tayo sa mandirigma.  
Sa kamay Niya, mayron tayong kinabukasan.  
Sa kamay Niya, tayo ay manunumbalik!

Note: Si Jill Patterson ay nakatira sa Eastern Europe, kung saan nagtatrabaho at nangagalar siya sa Romania, Bulgaria, and Hungary. Siya at ang kanayang asawa ay mga misyonero doon ng dalawampo't siyam na taon.

---

## Ang Panunumbalik mula sa Pagkawasak

Ni Mary Wilson



Lumaki sa pamamahay ng pastor, ako ay tinuruan na magpasalamat, magtiwala at manalangin sa Diyos sa lahat ng bagay. Ito ang aking istorya.

Noong ako ay nasa treinta anyos, nagkaroon ako ng matinding depresyon. Hindi ko napagtanto sa mga panahon na iyon kung gaano na ito kalala. Ayaw ko ng magsimba, hindi dahil hindi ko na mahal ang Diyos, kundi dahil ayaw kong humarap sa mga tao. At lalo na ayaw kong makipag-usap kahit kanino. Nakakapanibago ito para sa isang tao na may pagmamahal sa kapwa at laging parte ng mga akitibidad sa simbahan, Pero sa loob ko, merong hindi pumapayag na magtigil lang ako sa bahay. Kaya lagi pa rin akong pumupunta sa mga gawain, nagpupuri at kumakanta bilang parte ng choir. Halos kada alas sais ng umaga, ako ay nagdadasal, kahit na madaming beses ay nakalupasay! ang ako ng iyak sa altar. Ang mga pagkakataong iyon ang naghanda sa akin para sa mga taon na hinarap ko na hindi ko malalagpasan kung walang panalangin.

Maraming bagay ang tinanggal sa akin, at pakiramdam ko na pinaparusahan ako. Nawasak ako. Noong 2014 namatay ang aking ama (aking Pops) at sa loob lamang ng dalawang linggo natanggal naman sa trabaho ang aking asawa dahil siya ay na-stroke. Kinailangan namin na lumipat mula sa aming magandang farmhouse sa maiit at hindi gaanong kagandang bahay. Sa mga mahirap na oras na iyon, tinuruan ako ng Diyos na makinig sa Kanya, magpahinga, magbasa ng Salita Niya at manalangin ng mas taimtim.

" Sapagka't pagiginhawahin kita, at pagagalangin kita sa iyong mga sugat, sabi ng Panginoon  
" (Jeremiah 30:17).

Unti-unti Niya akong binangon mula sa kung saan ako nawalan ng lakas. Ang aking sisidlan ay nabasag, ako ay nawala, ako ay wasak at nasaktan. Kinuha ng Diyos ang aking pagkawasak at pinasigla Niya ulit ako. Ginawa niyang kagalakan ang aking mga luha. Sabi sa Psalm 121:1-2 "Ititingin ko ang aking mga mata sa mga bundok; saan бага manggagaling ang aking saklolo? Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon, na gumawa ng langit at lupa."

Mayroong ilang mga kasingkahulugan ng panunumbalik: muling likhain, i-refresh, magbagong-buhay, magpasigla, magpabago, mag-ayos,. Noong nagsimula kong basahin ang mga salitang ito, agad ko itong hinalintulad sa kung ano ang mga ginawa ni Hesus kapag tayo ay nangagailangan. Oh, diba napakagandang bagay ang ginagawa Niya para sa kanyang mga anak?

So kung sa araw na ito kayo ay nanghihina, hayaan niyong i-restore kayo ng Panginoon. Magbigkas ng buhay sa iyong sitwasyon. Ibalik ang iyong relasyon sa Kanya. At magdasal ng

magdasal. Kausapin mo si Hesus at hayaan mo Siyang ibalik ka sa Kanya. Bibigyan ulit ng Panginoon ng ilaw ang iyong buhay. "Ang pagiyak ay magtatagal ng magdamag, nguni't kagalakan ay dumarating sa kinaumagahan" (Psalms 30:5).

Nagagalak ang Panginoon sa pagkuha sa ating wasak na lagayan at ibalik ito sa dati nitong kondisyon.

Note: Si Mary Wilson ay nagsisimba sa River of Life Church, Muncie, Indiana. Siya ay ina sa dalawang anak at lola sa tatlong apo. Si Mary ay nagsisilbi bilang direktor ng choir/drama at ministro ng musika tatlumpo't limang taon na. Siya ay nakapag-direk na ng maraming choir sa mga youth camps. Ngayon ay nagretiro na siya at ini-enjoy ang oras niya kasama ang kanyang pamilya. Mahal niya ang maglingkod sa Diyos.

### **Mula sa Editor**



#### **Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!**

Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto para ang newsletter na ito ay mababasa na ngayon sa English, Arabic, Chinese, Czech/Slovak, Dutch, Fijian, French, Georgian, German, Greek, Hungarian, Italian, Japanese, Polish, Portuguese, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog and Thai

Tulungan niyo kaming manalangin ng mga tagasalang!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)

UPCI Ladies Ministries, 36 Research Park Court, Weldon Spring, MO 63304